Binhi AWARDS 2022 BEST AGRI-RELATED GOVERNMENT PUBLICATION

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE-PHILIPPINE CARABAO CENTER

Science City of Muñoz, Nueva Ecija



## bagong henerasyon SA KALABAWAN

ISSN 2507-8933

Tomo 8, Blg. 3 | 2023

Pangatlong Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE-PHILIPPINE CARABAO CENTER

**Tomo 8, Blg. 3 | 2023**
Pangatlong Isyu
HULYO-SETYEMBRE

PATNUGUTAN

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA S. GALANG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RONALINE C. CANUTE, DINE YVE D. DAGANOS, MIKEE A. ANTONIO, RODOLFO T. VALDEZ, JR., LOUIE JEE C. HUELAR, MAXIMO A. PERALTA, JR.
**Layout at Ilustrasyon** ROWENA S. GALANG
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE, REI-MAR D. AGUINALDO
**Tagapayo** CARO B. SALCES

Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa kmd@pcc.gov.ph.



**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0731•Email: oed@pcc.gov.ph **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•Mobile No.: (+63) 919.224.9062 •Email: pcc-mmsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pcc-csu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pcc-dmmmsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pcc-clsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Email: pcc-uplb@pcc.gov.ph.com **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Mobile No.: (+63) 908.895.2461 •Email: pcc-vsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pcc-wvsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcc-lcsf@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pcc-usf@pcc.gov.ph **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668 | (+63) 935.387.9652 •Email: pcc-mlpc@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pcc-cmu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: pcc-usm@pcc.gov.ph


## MGA NILALAMAN


3 Big Momma

8 Nasungkit na pangarap ng batang manunumpit

12 Para sa tagumpay ni Baclay, papugay!

15 Higit tatlong biyaya para sa Tres Marias

18 Sa taong masikap, may pagtatagumpay!





Isang patotoo si Allen Paul Santos, 23, na may mabuting kahihinatnan ang pag-aalaga ng kalabaw basta't may sipag, tiyaga, at tiwala sa sariling kakayahan. Katuwang ang kanyang asawang si Mikee Anne, 23, sinimulan nilang magnegosyo ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw na pinangalanan nilang "Ka'Gatas". Kabilang sa mga pangarap ng mag-asawa na kilalanin silang youth ambassadors ng Carabao-based Enterprise Development program ng DA-PCC at maging mabuting halimbawa sa mga kabataang nais ding sumuong sa pagkakalabawan.

(LARAWANG KUHA NI **MIKEE ANTONIO**)



# BIG momma

NI **MIKEE ANTONIO**

Maagang namulat sa hirap ng buhay ang mag-asawang Allen Paul Santos, 23, at Mikee Anne Castañeda, 23, ng Barangay San Francisco, Tarlac City. Natutunan nilang pareho na ang pagkakaroon ng buhay na matiwasay ay dapat nilang magkatuwang na pagsumikapan.


SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

“

walang mahirap kung gugustuhin... mas mahirap kung walang gagawin–





Isang working student noon si Allen na nagtatrabaho bilang isang delivery guy para sa isang fast food restaurant samantalang dahil sa mga scholarship grants naman nakapag-aaral si Mikee. Pareho sila noong kumukuha ng kursong Bachelor of Education Major in Technology Livelihood Education sa Tarlac State University.

Noong 2021, naaksidente si Allen habang siya ay nagdedeliver ng order na naging dahilan para iwan niya ang trabaho. Mula noon ay naging mahirap ang paghahanap ng trabaho para kay Allen kaya't isang malaking desisyon ang ginawa ng noon ay magkasintahan pa lang na sina Allen at Mikee—pinagsama nila ang kanilang mga ipon at ipinambili ng isang gatasang kalabaw.

Bagama't alam ni Allen na hindi madaling mag-alaga ng kalabaw, buo ang isip at puso niya na suungin ang isang bagong pagkakataon na kanilang nasumpungan. Simbolo ng panibagong simula ang kanilang si "Big Momma" na itinuturing nilang isang biyaya at pag-asa sa buhay. Ani Allen, "walang mahirap kung gugustuhin, mas mahirap kung wala kang gagawin".

Naibahagi ni Allen na maraming tao na hindi naniniwala sa kanilang ginagawa at na sila ay magtatagumpay balang-araw. Nguni't sa kabila ng mga kritisismo, napatunayan nilang may mabuting kahihinatnan ang  pag-aalaga ng kalabaw. Ayon kina Allen, sipag, tiyaga, at tiwala ang kailangan para sa isang matagumpay na negosyong pagkakalabawan.

## SIMULA NG PAKIKI'KALABAW'

Taong 2022 nang sumangguni sina Allen at Mikee sa Department of Agriculture (DA) Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) sa pamamagitan ng center director nito na si Dr. Ericson N. Dela Cruz.

Makalipas ang ilang buwan ng konsultasyon at pagsasanay patungkol sa pagpoproseso ng mga produktong galing sa kalabaw, natuto ang mag-asawa na gumawa ng pastillas, pasteurized milk, flavored milk, at yogurt. Sa parehong taon, nanalo at nakatanggap ng tulong pinansyal sina Allen at Mikee sa Department of Agriculture (DA) Young Farmers Challenge Program for Agribusiness and Marketing Assistance Service. Ito ang ginamit nilang panimula sa pagpoproseso ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw.

## KA'GATAS ANG SIMULA NI EYA

Ang negosyong sinimulan ng mag-asawa ay pinangalanan nilang "Ka'Gatas", na ang ibig sabihin ay "Kapamilya, Kaibigan, Kapatid, Kabukiran at Kaagapay."

Naging matunog ang pangalang ito sa kanilang lugar at mga karatig lugar. Ang mga produkto ng Ka'Gatas ay suportado ng Local Government Unit (LGU) ng Tarlac City sa pag-eendorso ng agricultural officer ng lungsod gayundin ng mga tindahan ng pasalubong sa bayan.

Isang malaking hamon sa negosyo ang naranasan ng mag-asawa dahil dumating ang panahon na tumaas ang demand nguni't kulang ang supply ng gatas at hindi na rin sila makapagproseso ng mga produkto. Sa kabila ng pagsubok na ito ay isang magandang ideya ang sumibol. Tinipon nila ang mga kapitbahay para mamili ng gatas sa kanilang lugar at mga kalapit-bayan. Dahil dito, naisip nila na bumuo ng isang organisasyon na makapagbibigay ng kabuhayan sa kanilang lugar. Noon nabuo ang EDEN Youth Association (EYA) na inumpisahan ng 15 na mga kabataang miyembro.

Bukod sa maraming benepisyong tinatamasa na ng mga miyembro ng EYA, kinilala ang samahan bilang "Most Outstanding Youth Social Enterprise" noong 2022. Ito rin ang nagwagi sa 2023 Villar Sipag Awards-Youth Poverty Reduction Challenge. Ginamit nilang kapital sa pagpapatayo ng tindahan ng mga produktong gatas ang premyong napanalunan.

Ayon kay Allen, ang kanilang mga panalo ay tanda ng kanilang tagumpay bilang isang samahan na sumubok at nagtagumpay sa paggagatasan. Senyales din ito, aniya, na marami pang maaaring matulungan ang kanilang samahan sa kanilang bayan. Kaya naman, aniya, hindi sila maglulubay sa pag-aaral at pakikilahok sa mga gawaing lubos pang makapagpapaunlad sa kanilang negosyo.

Kasama sa maraming pangarap ng mag-asawa na kilalanin silang youth ambassadors ng Carabao-based Enterprise Development (CBED) program ng DA-PCC at maging mabuting halimbawa ang EYA sa mga kabataang nais ding sumuong sa negosyong katulad ng sa Ka'Gatas.

Para sa kanila, hindi ito tungkol lang sa mga "parangal" kundi sa "marangal" na pagkakakilanlan ng grupo bilang tagapaghatid ng karagdagang kabuhayan sa mga Tarlaqueños. Naniniwala ang grupo na ang pagbabahagi ng kanilang kwento ay magbibigay ng inspirasyon sa iba na makilala at mapakinabangan din ang mga benepisyo ng programang CBED ng DA-PCC at CLSU.

Ang lahat ng pagsisikap ng mag-asawang Allen at Mikee ay tanda ng kanilang walang hanggang pagmamahal sa kanilang anak na si Alora Freya Santos. K



## 2021

Bumili ng isang gatasang kalabaw bilang panimula

## 2022

Natutong magproseso ng iba't ibang produktong gawa sa gatas ng kalabaw gaya ng pastillas, pasteurized milk, flavored milk, at yogurt

## KA'GATAS

Sinimulan ng mag-asawa ang pagnenegosyo ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw at pinangalanang "Ka'Gatas", na ang ibig sabihin ay "Kapamilya, Kaibigan, Kapatid, Kabukiran at Kaagapay

### 2022
Young Farmers Challenge Regional Awardee*

*Iginawad ng Department of Agriculture-Regional Field Office III, Agribusiness and Marketing Assistance Division

### 2023
Most Outstanding Youth Social Enterprise**

**Iginawad ng Villar SIPAG Award Youth Poverty Reduction Challenge





"Budlay gid man (Mahirap talaga). Nguni't sa tulong ng mga kasamahan ko sa training at mga trainers sa DA-PCC, naging madaling intindihin para sa akin ang mga terminolohiya at technicalities sa pagsasagawa ng AI.

# NASUNGKIT NA PANGARAP NG BATANG *manunumpit*

NI **RODOLFO VALDEZ, JR.**

> "Dati ay tagahawak lang ng buntot, ngayon tuktok ng pangarap kaya nang maabot!"

Ganito ilarawan ni Rey John Estañol, 20, ang biglang pagbabago sa kanyang buhay mula sa pagiging "ordinaryong" probinsyano at ngayo'y isa nang tanyag na batang manunumpit o artificial insemination (AI) technician ng Surallah, South Cotabato.

Namulat sa kahirapan si Rey John. Ang kanyang mga magulang ay parehong nakikisaka at trabahador sa bukid, na ang sahod ay kakarampot lang. Nguni't noong 2016, nasumpungan ng pamilya Estañol ang programang pagkakalabawan ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) nang sila'y mabiyayaan ng isang Italian Mediterranean buffalo. Simula noon, naging

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA






katuwang na si Rey John ng kanyang mga magulang sa pag-aalaga ng kalabaw bagama't noon ay hindi pa niya lubos na nauunawaan ang malaking biyayang dulot nito sa kanilang buhay.

Hindi na bago kay Rey John ang pagpapabalik-balik ng mga taga-DA-PCC sa USM at Municipal Agriculture Office ng Surallah para magbigay ng iba't ibang serbisyong teknikal na para sa mga hayop sa kanilang lugar. Noong 2020, panahon ng pandemya, inalok sa kanya nina municipal agriculturist Loel Nillos at ni DA-PCC sa USM Carabao-based Enterprise Development (CBED) coordinator Nasrola Ibrahim ang pagsasanay para maging isang AI technician.

Bilang isang batang masunurin at may pusong gustong tumulong sa pamilya, tinanggap ni Rey John ang alok ng DA-PCC.

## UNANG SUMPIT

Hindi naging madali sa isang 17-year old na si Rey John ang mabago ang pang-araw araw niyang gawi ng pamumuhay. Ang pagsasanay sa basic AI ay nagbigay ng maraming "firsts" para kay Rey John. Iyon ang unang pagkakataon na mawalay siya sa kanyang pamilya, unang byaheng palabas ng kanilang probinsya, unang beses na makihalubilo sa mga taong nagmula sa iba't ibang lugar sa Mindanao, at marami pang iba. Ang determinasyong makatulong na maiahon sa kahirapan ang kanilang pamilya ang nagtulak sa kanya upang makumpleto ang pagsasanay.

Matapos ang isang buwan, naging isang ganap na Village-Based AI Technician (VBAIT) si Rey John. Sinimulan niya ang pag-AI sa mga kalabaw ng mga miyembro ng kanilang asosasyon, ang Canahay Dairy Farmers Association o CADAFA. Layunin niya na matulungang maparami pa ang kanilang mga kalabaw para mas dumami pa ang kanilang gagatasan.

"Hindi ako naniningil sa kanila dahil alam ko na wala rin silang maibibigay. Bukal sa puso ko na magserbisyo sa kanila kasi alam ko ang hirap ng buhay. Bumagyo man o umaraw, matuyuan man ng gasolina ang motor na gamit ko, pupuntahan ko sila basta't may naglalanding kalabaw," ani Rey John.

Batay sa datos ng DA-PCC sa USM, mayroon nang naitalang 283 serbisyong AI si Rey John simula noong 2020. Dahil sa naipamalas niyang dedikasyon at kontribusyon sa Carabao Upgrading Program ng DA-PCC, napili syang sumailalim sa Advanced Training on AI and Ovarian Palpation noong 2022 sa Bukidnon.

Dahil sa angking galing, nasungkit ni Rey John ang 2021 Outstanding VBAIT- 2nd Runner Up noong 8th National Carabao Conference sa Nueva Ecija.

"Halos maiyak ako noong natanggap ko ang award na iyon. Nakita ko na ang bunga ng aking pagsisikap sa larangan ng AI. Hindi ko akalain na kikilalanin ako bilang isa sa magagaling na AI technicians sa buong Pilipinas," nagagalak na pagkukwento ni Rey John.

Dahil sa kanyang determinasyon at malasakit sa mga magsasaka ng South Cotabato, si Rey John ngayon ay isa nang kawani sa Municipal Agriculture Office sa bayan ng Surallah. Mula sa isang asosasyon, isang buong bayan na ngayon ang sineserbisyuhan ni Rey John.

Dahil sa patuloy na paglawak ng kanyang lugar na naaabot, dumaraming tagapagtangkilik ng kanyang serbisyo, at paghirang sa kanyang kakayahan, napatunayan ni Rey John na hindi hadlang ang kanyang edad para maabot ang kanyang mga pangarap.

Aniya, hindi sya magsasawang tumulong sa mga magsasaka at manghikayat ng mga kapwa niya kabataan na pumasok hindi lamang sa negosyong salig sa kalabaw kundi sa sektor ng agrikultura dahil sa larangang ito, sa bunga ng sipag at tiyaga, mga pangarap na gustong makamit ay posibleng masungkit! K



PARA SA TAGUMPAY NI BACLAY,

# papugay!

NI **RONALINE CANUTE**

Nagsipalakpakan ang madla nang tawagin ang general manager ng Baclay Multi-Purpose Cooperative (BMPC) sa Zamboanga Del Sur na si Richard Hidalgo upang ibahagi ang kwentong tagumpay ng kooperatiba sa pagkakalabawan.

Sa may entablado ay nakapaskil ang tarpaulin na may nakasulat na 'Cara-Ugnayan', isang communication platform na binuo ng DA-Philippine Carabao Center na naglalayong ipakilala ang magagandang programa nito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga lokal na media.

Sa harap niya ay mga media, lokal na opisyales, dairy farmers, at dairy cooperative na nag-aabang sa kanyang kwento at kwenta. Kahit kinakabahan ay tumayo si Richard, nagpakilala, bumati, at sinimulang magkwento.

***

Ang kasaysayan ng BMPC ay nabuo at sumibol sa maliit na opisina sa Ocampo St., Sto. Niño, sa Tukuran, Zamboanga del Sur. Ang kanilang bagong headquarters ngayon ay matatagpuan na sa Barangay Baclay sa kaparehong bayan.

"Nahirapan kaming palaguin ang kooperatiba noong kami ay nasa lending business pa hanggang sa ipakilala sa amin ng DA-PCC ang kabuhayang salig sa gatasang kalabaw noong 2019," panimula ni Richard.

Ayon kay Fe Academia, ang Carabao-based Enterprise Development (CBED) coordinator ng DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Center (DA-PCC sa MLPC), naghahanap sila noon ng magiging bull recipient nang makilala nila ang koop.

"Ang kalabaw ay hindi kinikilala noon bilang isang hayop na pwedeng gamiting pang-negosyo. Nguni't dahil sa effort ng DA-PCC at ng kooperatiba, nalaman namin na ang kalabaw pala ay hindi pangkaraniwan lang na hayop kundi nakapagbibigay ng masaganang buhay," ani Richard.

Dahil sa pananaw na ito tungkol sa kalabaw, nagbago ang kapalaran ng BMPC--malayong-malayo sa kanilang naging simula. Ang koop ngayon ay abalang-abala na sa kanilang lalong lumalawak na negosyong salig sa gatasang kalabaw.

Mula 2020 hanggang 2022, ang BMPC ay naging supplier sa national school feeding program sa mga School Division Offices (SDOs) sa Zamboanga Peninsula at Rehiyon X.


"Noong napanood ko ang 'Faces of Success' at nakita ko ang sarili ko, naiyak ako. Hindi ako makapaniwalang darating ang araw na masasabi naming nagtagumpay na kami!" nakangiting pagkukwento ni Richard.

Ang tinutukoy ni Richard ay ang video na ipinalabas ng DA-PCC sa 8th National Carabao Conference (NCC) noong 2022 kung saan nakabilang sila sa mga tinaguriang mukha ng tagumpay sa pagkakalabawan (Faces of Success in Carapreneurship).

Sa video, buong pagmamalaking ipinakita at isinalaysay ng kooperatiba ang kanilang naging makabuluhang paglalakbay.

"Nakapagpoproseso kami ng 44,000 piraso ng 200ml na sachet ng gatas sa isang araw. Iyan ay humigit-kumulang 150,000 sachets kada linggo. Para sa aming produksyon ng KaraBun, nakagagawa kami ng 37,000 buns






> "Noong napanood ko ang 'Faces of Success' at nakita ko ang sarili ko, naiyak ako. Hindi ako makapaniwalang darating ang araw na masasabi naming nagtagumpay na kami!



Dahil sa pananaw na ang kalabaw ay nakapagbibigay ng masaganang buhay, nagbago ang kapalaran ng BMPC—malayong-malayo sa kanilang naging simula.



na sumasakop lamang sa isang SDO. Ngayon ay umaabot na ito sa 92,000 para sa tatlong SDOs," sabi ni Edmund Calvo, ang production supervisor ng BMPC.

Ang pakikilahok ng BMPC sa national school feeding program ng DepEd ay nagdulot ng napakaraming benepisyo sa mga miyembro ng kooperatiba.

Nakapagbigay ng trabaho ang kooperatiba sa mga taga-Tukuran at karatig bayan dahil sa produksyon ng gatas at KaraBun. Kasalukuyang may 140 empleyado ang BMPC at nakatutulong din sa mga kabataan na gustong kumita habang nag-aaral ng part-time.

Noong Marso ngayong taon, nakagawa ang koop ng bagong produkto na pumatok sa mga school canteen ng elementary at high school, ang milk bar.

"Nakapagdebelop kami ng milk bar na ibinebenta namin ng PHP7.00 ang isa na pinapatungan naman ng school canteen ng PHP3.00. Umaabot ang aming kita ng PHP7,000 hanggang PHP8,000 bawa't araw," may pagmamalaking sabi ni Richard.

Sa ngayon ay balak nilang makapagbenta ng milk bars sa 25 na paaralan sa kanilang lokalidad.

Mula sa daang libo, multi-milyong kooperatiba na ngayon ang BMPC na aabot sa PHP50 milyon ang kabuuang asset.

***

Nagsipalakpakan nang masigabo ang mga nakikinig nang matapos magkwento si Richard.

Tunay ngang ang tamis pakinggan ng tunog ng palakpakan matapos mapagtagumpayan ang mahabang panahon ng kasawian. Ⓚ



## HIGIT TATLONG BIYAYA PARA SA

# Tres Marias

NI **MAXIMO PERALTA, JR.**

**Sa iilan, lingid pa ang natatanging kainaman ng biyayang dulot ng pagkakalabawan nguni't ang pakikibaka sa ganitong hanapbuhay ay sipag at tiyaga ang tanging puhunan. Isang yaman nga ito kung ituring ng mga sumubok na rito.**

Ang Tres Marias ng San Simon West Cluster sa Aringay, La Union ay ang tanging miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) na sumubok sa pag-aalaga ng kalabaw at naging benepisyaryo sa proyekto ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) noong 2018 na Sustainable Livelihood Program (SLP)-Dairy Buffalo Production.

Ang nasabing proyekto ay magkakatuwang na isinasagawa ng DSWD, Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DA-PCC sa DMMMSU), at LGU-MSWDO-MAO ng Aringay. Sa taong 2022, sila ay tatlo sa mga pinakamahuhusay na nagsagawa ng proyekto at kabilang sa may pinakamaraming nakokolekta na gatas ng kalabaw sa Aringay Dairy Carabao Raisers Association (ADCRA).

Ang Tres Marias ay binubuo nina Aling Cecilia Carreon, 65; Catherine Carreon, 59; at Olivia Carreon, 54. Pabiro silang binansagan noon ng DA-PCC sa DMMMSU na Tres Marias dahil sa sila ay magkakaapilyedo bilang mga asawa ng magkakapatid na Carreon. Sa katunayan, si Aling Cecilia at Catherine ay magkapatid, habang si Aling Olivia ay kanilang hipag. Mula sa pabirong pagbansag ng Tres Marias, ito na ang naging pagkakakilanlan sa kanila kinalaunan.

### ANG PAGSAMPA SA KALABAW

Hindi naman maikakaila na ang pagtahak sa panibagong daan ay tila ba mahirap, nariyan ang pagdadalawang-isip at pagdududa. Nguni't sa positibo at desididong tao na handang humarap sa kahit anong pangyayari, diretso ang kanilang tingin—nakatuon ang kanilang paningin sa ganda ng bagong oportunidad at ang nakaamba nilang pagtatagumpay.

Bagama't sila'y may edad na, hindi ito naging hadlang para sumubok sa pag-aalaga at paggagatas ng






> Mayat met. Idi damdamo laeng kasla narigat ngem tatta agpagpagatas kamin mayat met...

kalabaw. Para sa kanila, wala sa edad ang pag-aalaga kundi nasa desisyon at tiyaga mismo.

Taong 2018 noong magsimulang ipakilala ng DSWD sa kanila ang programa. Ayon kay Aling Cecilia, cluster leader ng San Simon West, hinikayat nya noon ang mga kapwa 4Ps beneficiaries na sumubok sa pagkakalabawan pero hindi sila sumang-ayon. Nguni't ngayong nakikita na nila na maganda ang kinahinatnan ng kanilang pagiging katiwala sa programa ng pag-aalaga ng kalabaw, nagsisi ang ilan at gusto na ring mag-alaga ng kalabaw.

"Mayat met. Idi damdamo laeng kasla narigat ngem tatta agpagpagatas kamin, mayat met [Mainam. Noong una parang mahirap pero ngayong gumagatas na, mainam talaga]," nakangiting sabi ni Aling Olivia, anim na taon nang nagkakalabaw, sa salitang Ilocano. Naging haligi at kaakibat nila ang DA-PCC sa DMMMSU sa kanilang pagsisimula at sa pagbibigay nito ng iba't ibang kaalaman tungkol sa tamang pag-aalaga, pagpapakain at paggagatas ng mga kalabaw maging sa pagproproseso ng gatas nito.

Malaki rin ang naging ambag ng paggagatas para tustusan ang pag-aaral ng mga anak nina Aling Catherine, Olivia, at mga apo ni lola Cecilia. Nakapagtapos na ang dalawang anak sa hayskul ni Aling Catherine at may isa pang anak na kasalukuyang nag-aaral. Gayundin ang mga apo ni Lola Cecilia at nag-iisang anak ni Aling Olivia na nasa ikatlong taon naman sa kolehiyo. Ito ang patunay na hindi sila nabigo sa kanilang desisyon na makipagsapalaran sa mundo ng pagkakalabaw.

"Uray agfarfarm kami latta adda extra income mi idyay gatasan, [...] since adda paylaeng pag-adadalek nga uubbing, dakkel nga banag didyayen [Kahit na nagbubukid pa rin kami may extra income kami dahil sa paggagatas, [...] at dahil may mga pinag-aaral pa akong anak ay malaking bagay na 'yon]," ani Aling Cecilia.

Bilang katiwala ng proyektong SLP ng DSWD, tinitiyak ni Aling Catherine na maipamamana niya ang kaalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw sa kanyang mga anak, "Isursurok latta ti aramiden da nu agpagatas ta ammo da ti araramiden da [Itinuturo ko ang dapat nilang malaman sa paggagatas para alam nila ang gagawin nila]," aniya.

Ito ang naging kwento ng pag-uumpisa ng Tres Marias sa pagkakalabaw. Nang masumpungan ang pagkakataon na sila ay makapag-alaga ng gatasang kalabaw, hindi sila nagdalawang-isip kundi masaya silang sumagot kaagad ng oo ng may pag-asa na ngayo'y unti-unti nang nagkakatotoo.

Ngayong unti-unti nang nakikilala ang kalabaw saan man, ang pag-aalaga nito ay isang matingkad na oportunidad na katulad ng kulay nito—simbolo ng masaganang kita. Bukod sa karne at gatas na ipinoproseso, ginagawa ring sinturon ang balat nito habang ang dumi ay nagiging vermicast o pataba. Ⓚ



# Tres Marias

> Uray agfarfarm kami latta adda extra income mi idyay gatasan, [...] since adda paylaeng pag-adadalek nga uubbing, dakkel nga banag didyayen



# SA TAONG MASIKAP, MAY *pagtatagumpay!*

NI **LOUIE JEE HUELAR**



> Hindi ka magiging matapang kung magagandang bagay lang ang mangyayari sa iyo. Pahalagahan maging ang problema o kaguluhan man. Mabuhay sa kasalukuyang sandali at tandaan na ang lahat ay may layunin at hangganan.

Ito ang pinanghahawakang prinsipyo ni Randy Florentino, 51, ng Minoyan sa Bago City, Negros Occidental, kung kaya't nagpatuloy siya sa gawaing pagkakalabawan kahit dumaan man sa maraming pagsubok. Para sa kanya, ang lahat ng pagdadaanan niya, mahirap man o madali, ay paghahanda para sa masaganang kinabukasan.

Unang naging karanasan ni Randy at asawang si Nelia Florentino sa pagkakalabaw ang nabiling 10 native na kalabaw noong 2002. Inisip nila itong pagkakitaan nguni't dahil sa mga 'di inaasahang problema ay halos naubos din ang mga ito.

Barangay kagawad noon si Randy sa kanilang bayan at naging abala siya sa kanyang gampanin kung kaya't hindi niya natutukan ang pag-aalaga ng mga kalabaw. Kumuha siya ng mga tagapag-alaga nguni't hindi rin ito nakatulong at namatayan pa nga siya ng hayop.

Ang sumunod niyang kinaharap na pagsubok ay ang pagkakasakit ng asawa noong 2014 kung kaya't napilitan siyang ibenta ang anim sa kanyang kalabaw para panustos sa mga gastusin sa pagpapapagamot.

Unang naging katiwala si Randy ng programang pagkakalabawan ng DA-PCC noong 2015 matapos maengganyo sa narinig na "sa dairy, ang kita ay daily" mula sa dating center director ng DA-PCC sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) na si Ariel Abaquita. Ito'y sa pagsasagawa ng DA-PCC ng pagpupulong para sa mga artificial insemination (AI) technicians nito sa Bacolod City. Nabuhayan ng loob at napasigla si Randy ng tinuran ng dating director lalo na nang talakayin ang tungkol sa programa ng DA-PCC tungkol sa kabuhayang salig sa gatasang kalabaw.

Sa isang agro-trade fair na ginanap sa pagdiriwang ng Panaad Festival sa parehong taon, naisip ni Randy na kolektahin ang mga tira-tirang tangkay ng mga pakain sa mga hayop na nakadisplay sa exhibit katulad ng kambing, baka, at kalabaw. Gamit ang kanyang tricycle, dinala ni Randy ang mga pinagputulang tangkay ng Napier sa kanyang taniman. Iyon ang payak na pinagsimulan ng kanyang malawak na taniman ng pakain sa mga alagang kalabaw na aabot sa kalahating ektarya.

Noong una'y kaunti lang ang nalalaman ni Randy tungkol sa mga serbisyo at programa ng DA-PCC. Nguni't nang makabasa siya ng mga babasahin ng DA-PCC katulad ng Karbaw Magasin at Bubalus Newsletter, lumawak ang kanyang kaalaman kung paano pa palalaguin ang kanyang negosyong pagkakalabawan na nagsimula nang maging bahagi siya ng programa ng ahensya na bull entrustment sa tulong ni Rolly Ardeño.

Ang sumiglang damdamin ni Randy tungkol sa nasumpungang negosyo sa paggagatasan ay unti-unti ring tumamlay nang dumating ang pandemya. Nang bumuti na ang sitwasyon noong 2021, naisipan ni Randy na magtayo ng isang coffee shop na pinangalanan niyang "Angel's Café". Tila nagdilang anghel, noon din siya naaprubahan na mapahiraman ng apat na dairy crossbred carabaos ng DA-PCC. Hulyo ng sumunod na taon nang magsimula niyang gatasan ang mga ito at sa tulong pa rin ng DA-PCC sa LCSF, natutunan niyang magproseso ng pasteurized at flavored milk na naibebenta niya sa coffee shop at sa provincial hospital ng Negros Occidental kung saan nagtatrabaho ang kanyang asawa. 'Di naglaon ay nakagawa na rin siya ng iba't ibang produktong gawa sa gatas ng kalabaw katulad ng mango at guyabano shake. Inihahalo na rin niya ang gatas ng kalabaw sa kanyang signature coffee blends na iced at iced chocolate.

Aabot sa 10 ang kalabaw ni Randy sa kasalukuyan—isa rito ang bulugan at apat ang gatasan. Nakaplano niyang palakihin pa ang naitayong coffee shop at gawing resto café. Gusto niya itong maging lugar ng pagsasanay para sa pagpoproseso ng gatas sa tulong ng DA-PCC sa LCSF.

Nagtapos si Randy ng associate degree sa computer mula sa Aklan Polytechnic Institute noong 1991. Ang Agrarian Training Workshop (ACT) Advanced Trainers Training, Farmers Field School on Rice, Corn, Vegetables and Coffee, at Training Course on Artificial Insemination and Pregnancy Diagnosis on Water Buffalos ay ilan lamang sa mga pagsasanay na nadaluhan ni Randy. First runner-up siya sa large animal category sa Pasindongog Sa Mga Manog Sagod Sapat na Panaad Festival sa Negros Occidental Search noong 2012 at 2015.

Bagama't may mga pinagdaanang hamon, alam ni Randy na ang kanyang positibong pananaw sa pagsubok ang naghatid sa kanya sa tagumpay. Para sa kanya, pagtatagumpay ang dulo ng lahat ng pagsusumikap.

I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool. Makibahagi rin sa buwanang Cara-Aralan webinar Series ng DA-PCC. I-follow ang aming Facebook page para malaman ang schedule ng webinar activities at maaccess ang registration form at Zoom link.

**DA-PCC K-PORTAL**

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

**DA-PCC VIRTUAL TOUR**

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.

Ang Cara-Aralan ay libreng online seminar na isinasagawa ng DA-PCC sa pamamagitan ng Zoom meeting. Sakop ng talakayan ang iba't ibang paksa tungkol sa pagkakalabawan kabilang na ang reproduction, feed and nutrition, animal health, forage production, dairy production, processing and marketing, at cooperative development.

CARA ARALAN Webinar Series




## BULL ENTRUSTMENT PROGRAM

Purebred dairy-type bulls are loaned out to qualified farmers for natural mating with native or crossbred carabaos in areas where AI services are not available.

## TRAINING AND TECHNICAL ASSISTANCE

Trainings on animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, cooperative development, dairy production and processing and marketing are provided to farmers and the agency's partner-implementers.

## COMMUNITY DEVELOPMENT

The agency takes premium in ensuring the mobility of the social medium, the cooperatives, assisting in organizational strengthening and in enterprise development.

## FROZEN BUFFALO SEMEN DISTRIBUTION

Selected bulls undergo performance and progeny testing and these are processed at the DA-PCC Semen Laboratory.

Frozen semen are made available nationwide through a systematized semen distribution system linked with AI technicians, cooperatives, DA-RFUs and LGUs.

## PRODUCTION OF QUALITY BREEDING STOCKS

Out of the institutional herds of purebred buffaloes, breeding stocks are produced and are made available to interested farmers at production cost. This would ensure that, other than superior breeds accessible either by the semen used in AI or bulls for natural mating, breeder female dairy stocks of good quality are also available.

## LABORATORY SERVICES

Committed to a continued full support to its clients, laboratory services are provided including analysis of feed and milk samples, and animal health-related tests.

## ARTIFICIAL INSEMINATION (AI)

Rendered nationwide in villages by trained private village-based AI technicians (VBAITs) as well as technicians of local government units and DA-PCC, AI is used to produce animals with better productivity for milk and meat through sustained backcrossing to at least four generations, without disregard for draft power through harnessing superior genetic materials of riverine buffalo breed.